


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

1

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 6
## Pag-unawa sa Napakinggang Alamat/Teksto



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________

**Filipino – Unang Baitang**
**Support Material For Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Ikalawang Markahan – Modyul 6: Pag-unawa sa Napakinggang Alamat/Teksto.**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Gima B.Eluna
**Editor/Tagasuri** Ronna B. Laranjo/Riela Angela C. Josol
**Tagalapat:** Kevien Ian I. Albon

**Tagapamahala:** Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI- Schools Division Superintendent
Lourma I. Poculan - Asst. Schools Division Superintendent
Amelinda D. Montero - Chief Education Supervisor, CID
Nur N. Hussien - Chief, Education Supervisor SGOD
Riela Angela C. Josol - Education Program Supervisor- Filipino
Bernie P. Laranjo - Public Schools District Supervisor
Ronillo S. Yarag - Education Program Supervisor, LRMS
Leo Martinno O. Alejo - Project Development Officer II, LRMS

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065) 212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

## *Alamin*

Gamit ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang alamat/ teksto.

  **(MELC) Code: F1PN-IIe-2/F1-1Vb-2**

# Aralin 1 — Pag – unawa ng Napakinggang Alamat/ Teksto

## *Balikan*

Kumusta! Alam mo ba kung ano ang alamat? Bilang pagbabalik-tanaw sa mga alamat na alam mo, magbigay ka ng limang halimbawa ng mga ito.

1. ____________________________________________
2. ____________________________________________
3. ____________________________________________
4. ____________________________________________
5. ____________________________________________

## Tuklasin

Basahin at suriin ang alamat.

# Ang Alamat ng Okra

Hinalaw mula sa
*https://buklat.blogspot.com/2017/10/ang-alamat-ng-okra.html*

Sa isang malayong kaharian ay may isang pilyo at sinungaling na prinsipe. Siya ay si prinsipe Oka. Lahat ng tao maging ang mga alagad ng hari ay galit sa kanya dahil sa taglay nitong kapilyuhan.

Isang araw ay nagkasakit ang kanyang amang hari. Lahat ng tao sa kanilang kaharian ay nag-aalala sa kalagayan nito maliban kay prinsipe Oka na abalang-abala sa paglalaro sa labas ng kaharian. Hanggang makarating ang prinsipe sa loob ng madilim na kagubatan kung saan nakita niya ang isang engkantada. Matagal na pala siyang pinagmamasdan ng engkantada. " *oka, kailangan mo ng magbago. Kung hindi ay parurusahan kita,"* wika ng engkantada na agad namang naglaho.

Lumipas ang ilang mga araw at nakalimutan na ng prinsipe ang paalala sa kanya ng dyosa. Lingid sa kaalaman ng prinsipe na ang engkantadang kanyang nakausap ay walang iba kundi ang kanyang ama. Nais nitong takutin ang anak upang magbago ngunit wala pa rin itong epekto. Sinungaling at pilyo pa rin si prinsipe Oka.

Masakit man sa kalooban ng hari ay wala siyang nagawa kundi parusahan ang sariling anak. Ginawa niya itong isang gulay na may madulas na parang laway at may makating katangian. Tinawag niya itong Okra, ang anak na hindi marunong magtanda at walang pagnanais na magbago.

# Tanong:

1. Sino si Oka?
   - **a.** Prinsipeng pilyo
   - **b.** Prinsipeng makulit
   - **c.** Prinsipeng mabait
   - **d.** Prinsipeng masama
2. Bakit galit ang mga tao sa kanya?
   - **a.** Siya ay pilyo
   - **b.** Siya ay sinungaling
   - **c.** Siya ay masama
   - **d.** Siya ay pilyo at sinungaling
3. Ano ang ginawa ni prinsipe Oka nang magkasakit ang kanyang ama?
   - **a.** Inalagaan ang ama
   - **b.** Siya ang pumalit na hari
   - **c.** umiyak nang umiyak
   - **d.** naglaro sa kagubatan
4. Bakit nagpanggap bilang engkantada ang ama ni Oka? Upang
   - **a.** kaibiganin ang anak
   - **b.** pasayahin ang anak
   - **c.** takutin ang anak
   - **d.** bantayan ang anak
5. Anong parusa ang ibinigay ng ama kay Oka? Ginawa siyang __
   - **a.** Ampalaya
   - **b.** Talong
   - **c.** okra
   - **d.** pinya

## *Suriin*

**Pagtukoy sa Pangunahing Ideya**

- Ang alamat ay isang kwentong bayan na nagsasaad kung paano at ano ang pinagmulan ng mga bagay-bagay sa mundo.
- Nakatutulong ang pagbibigay ng pangunahing ideya upang maintindihan ang nilalaman ng narinig o binasa.
- Ang pangunahing ideya ay maaaring matagpuan sa pamagat, unahan, gitna at huling bahagi ng teksto.
- Nakatutulong sa pag-unawa ng pinakinggang alamat / teksto ang pag-uugnay ng narinig/nabasang sa sariling karanasan.

**Basahin at suriin ang susunod na alamat.**



# Ang Alamat ng Saging

Noong unang panahon, may magkasintahang nag-iibigan nang labis. Sila ay sina Aging at Juana. Bagamat hindi sang-ayon ang mga magulang ni Juana ay pinagpatuloy pa din niya ang pag- iibigan nila ni Aging.

Isang araw, noong galing sa bukid ang ama ni Juana, natanawan niya si Aging sa kanilang bukas na bintana. Sa

galit ng ama ni Juana ay hinugot nito ang tabak at tinaga ang braso ni Aging. Naputol ito.

Agad na tumakbo si Aging papapalayo, hinabol siya ng umiiyak na si Juana. Nang hindi na maabutan si Aging, ay nakita niya ang naputol nitong braso at agad na inilibing.

Lumipas ang mga araw, nagulat na lamang ang ama ni Juana nang matagpuan nito sa bakuran ang isang misteryosong halaman. Ito'y kulay luntian na may mahahaba at malalapad na dahon. Kulay dilaw ang bunga nito na tila hugis ng kamay at mga daliri ng tao."Juana, Juana pumanaog ka"

Pagkakita sa puno ay naalala ni Juana ang brasong ibinaon sa lupa kung saan mismo ito tumubo."Ang halamang iyan ay si Aging!" saad ni Juana

Mula noon, ang punong iyon ay tinawag na "Aging" at kalaunay naging "Saging"

1. Sino ang magkasintahan sa kuwento?

   __________________________________________________

2. Bakit tinaga ng ama ni Juana ang braso ni Aging?

   __________________________________________________

3. Ano ang pinagmulan ng saging?

   __________________________________________________

4. Ano ang pangunahing ideya ng alamat?

   __________________________________________________

5. Batay sa iyong karanasan, ano ang maaari mong gawin para maiwasan na magalit ang iyong ama?

   __________________________________________________

## *Pagyamanin*

**Panuto sa Mag-aaral:** Makinig sa babasahing teksto ng magulang at sagutin ang mga tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot.

# Ang Batang si Niño

Isang araw , nakakita si Niño ng puno ng bayabas. Maraming bunga ito. May hinog at berde. Gusto niyang kumuha ng bunga. Lumukso siya. Ngunit hindi niya maabot ang mga hinog na bunga. Nag-isip siya. Umuwi siya sa bahay. Kumuha siya ng panungkit. Marami siyang bungang nakuha.

1. Ano ang nakita ni Niño?
   a. puno ng saging c. puno ng mangga
   b. puno ng bayabas d. puno ng santol
2. Ano ang ginawa niya?
   a. lumukso c. umiyak
   b. sumayaw d. umakyat
3. Ano ang iniisip ni Niño?
   a. kumuha ng panyo c. kumuha ng panungkit
   b. kumuha ng supot d. kumuha ng hagdan
4. Ano ang pangunahing ideya ng kuwento?
   a. nag-isip siya ng paraan c. lumukso siya
   b. nagbubulakbol siya d. sumuko siya
5. Batay sa iyong karanasan, ano ang maaari mong gawin upang makakuha ng maraming bunga ?
   a. kumuha ng panungkit c. umuwi na lamang
   b. lumukso d. umiyak

## *Isaisip*

Ang **pangunahing ideya** ang tumutukoy kung ano ang isinasaad sa napakinggang alamat o teksto.

Ito ay sinusuportahan ng mga pangungusap na nagbibigay ng detalye.

Tinatawag na **paksang pangungusap** ang pangungusap na nagpapahayag ng pangunahing ideya.

Kalimitan ito ay nakikita sa unahan o sa hulihan ng isang talata.

## *Tayahin*

**Panuto sa Mag-aaral:** Makinig sa babasahin ng iyong magulang.

**Sa Tawiran**

Nagmamadali si Noel sa pag-uwi. Hindi niya hinihintay ang paghinto ng mga sasakyan.Tumakbo siya sa kabilang daan. May dumating na mabilis na dyip .Nabundol siya nito.Tumilapon siya sa may bangketa . May sugat siya sa ulo.Dinala siya ng mga tao sa ospital.

**Gawain:** Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang hindi nahintay ni Noel?
    a. Ang umuwi　　　　　　c. pagpunta sa ospital
    b. Paghinto ng sasakyan　　d. pagtawid

2. Saan tumakbo si Noel?
    a. Sa kabilang daan　　　　c. sa ospital
    b. Sa bangketa　　　　　　d. sa bahay
3. Bakit nabundol si Noel? Dahil sa ______________________
    a. pagmamadali　　　　　　c. bangketa
    b. mabilis na dyip　　　　　d. mga tao
4. Ano ang pangunahing ideya sa teksto?
    a. Hintaying huminto ang mga sasakyan bago tumawid
    b. Huwag magmadaling umuwi
    c. Umiwas sa mga mabibilis na sasakyan
    d. Kapag nasugatan, magpunta ng ospital
5. Batay sa iyong karanasan, ano ang gagawin kapag tatawid sa daan?
    a. Bilisan ang takbo upang hindi masagasaan
    b. Tumawid kapag wala ng sasakyan
    c. Tumawid sa tamang tawiran
    d. Tumawid kahit saan

***Karagdagang Gawain***

**Panuto sa Mag-aaral:** Makinig sa babasahing alamat ng magulang.

**"ALAMAT NG ROSAS"**

Noon may magkasing-irog na naninirahan sa isang bayan na nagngangalang Rosa at Mario. Nalaman ni Rosa na mayroong malubhang sakit si Mario ilang araw bago sila ikasal.Gaano man kalubha ang kalagayan ni Mario hindi na pigil ang kanilang pag-iisang dibdib tuloy ang kanilang kasal.

Isang araw ay binawian ng buhay si Mario ngunit nakangiti itong pumanaw.Lumipas ang mga panahon si Rosa naman ang binawian ng buhay dahil sa hindi

malamang rason .Gayon pa man nagbilin si Rosa sa kanyang mga kakilala na ilibing siya sa tabi ng puntod ni Mario.

Ilang araw may tumubong halaman at bulaklak sa puntod nina Rosa at Mario. Mapula ang bulaklak at may tinik.Tinatawag nila itong Rosas bilang pag-alala kay Rosa.

**Panuto:** Sagutin ang tanong base sa napakinggang alamat. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutamg papel.

1. Sino ang magkasing-irog ?
    a. Gina at Dino    c. Rose at Mario
    b. Maria at Mario    d. Mario at Rosa
2. Bakit tinawag itong Rosas?
    a. bilang alaala kay Mario
    b. bilang alaala kay Rosa
    c. bilang alaala nina Rosa at Mario
    d. bilang alaala sa paboritong bulaklak ni Rosa
3. Ano ang pamagat ng alamat na iyong napakinggan?
    a. Alamat ng Rosas    c. Alamat ng Pinya
    b. Alamat ng Ibon    d. Alamat ng Gumamela
4. Saang bahagi ng alamat makikita ang pangunahing ideya?
    a. unang talata    c. ikatlong talata
    b. ikalawang talata    d. wala
5. Batay sa iyong karanasan, ano ang maaaring gawin upang hindi mo makalimutan ang mahal sa buhay na pumanaw?
    a. laging dadalawin ang puntod
    b. hindi na iisipin
    c. maghanda ng pagkain araw-araw
    d. magsindi ng kandila

## *Susi ng Pagwawasto*

**TUKLASIN**

1. A
2. D
3. D
4. C
5. C

**SURIIN**

1. Juana at Aging
2. Dahil sa galit kay Aging
3. Kamay ni Aging
4. Pinagmulan ng Saging
5. Maging mabait at masunuring anak

**PAGYAMANIN**

**1. B**
**2. A**
**3. C**
**4. A**
**5. A**

**TAYAHIN**

1. B
2. A
3. B
4. A
5. C

**KARAGDAGANG GAWAIN**

1. D
2. B
3. A
4. C
5. A

# *Sanggunian*


AKLAT:

LM in Landas sa Wika at Pagbasa, pahina 178,190
TG Grade 1 sa Filipino, pahina 98-99

INTERNET:

https://www.youtube.com/watch?v=x6CDJtw-3pk
https://www.marvicrm.com/2017/07/alamat-ng-saging-buod
*https://www.panitikan.com.ph/alamat-ng-rosas-buod*
https://mediko.ph/gamot/saging/
https://www.collinsdictionary.com/dictionary/english/rose
*https://sites.google.com/site/merlen1603/mga-alamat/ang-alamat-ng-saging*
https://philnews.ph/2019/07/16/alamat-ng-rosas-ang-kwento-tungkol-sa-pinanggalingan-ng-rosas/